File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 10, 2022 SA NASUCOB ELEMENTARY SCHOOL, BARANGAY NASUCOB, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |

x-------------------------------------------------------------x

**KAPASYAHAN BLG. 22-03-234**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member DENNES M. FANER**

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member EDWIN C. ACERON**

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG NACIANCINO GALICIA, SR., DATING KAGAWAD NG BARANGAY SAN ROQUE**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Marso 9, 2022 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Naciancino Galicia, Sr. nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan sa barangay;

**"SAPAGKAT,** sa loob ng mahabang panahon mula 1980 hanggang 1992, si Ginoong Naciancino Galicia, Sr. na mas kilala ng lahat na Tata Inong ay naging Barangay Kagawad ng Barangay San Roque, siya ay naging tapat sa kanyang tungkulin at naging masikap sa kanyang layunin na maging kabahagi sa pagsasaayos, pagpapaganda, at pagpapaunlad ng nasabing barangay;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Naciancino Galicia, Sr. sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito...

CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Naciancino Galicia, Sr., dating kagawad ng Barangay San Roque,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Edwin C. Aceron na pinangalawahan ng lahat ng miyembrong dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Marso 10, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x--------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. DENNIS M. FANER**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. KIEVEN E. CANTOS**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. JESS V. SAPUNGAN**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| **KGG. TULAY M. GARING**<br>IP's Mandatory Representative | **KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS**<br>SK Federation President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: March 11, 2022

110322/PLP/admm